English	Filipino (Tagalog)
Travelling out of the ACT	**Paglalakbay palabas ng ACT**
ACT residents who are thinking about travelling outside the ACT should stay up to date with current COVID-19 situation. Travel advice and rules can vary from state to state. The rules around crossing State and Territory borders by road, rail or air travel can change very quickly as we learn to live with the COVID-19 pandemic.	Ang mga residente ng ACT na nag-iisip maglakbay sa labas ng ACT ay dapat manatiling maalam tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19. Ang payo at mga patakaran sa paglalakbay ay maaaring magkakaiba sa mga estado. Ang mga patakaran sa pagtawid ng mga hangganan (borders) ng Estado at Teritoryo sa pamamagitan ng paglalakbay sa daan, tren o himpapawid ay maaaring mabilis magbago habang natututunan nating mabuhay sa pandemyang COVID-19.
Travelling interstate	Paglalakbay sa ibang estado (interstate)
You should not travel if you are unwell.	Hindi ka dapat maglakbay kung ikaw ay may sakit.
If you choose to travel, it is your responsibility to maintain physical distancing and practise good hygiene.	Kung pipiliin mong maglakbay, responsibilidad mong panatilihin ang pisikal na pagdistansya at isagawa ang wastong kalinisan.
The ACT will endeavour to provide you with the latest interstate travel information. This can be found at www.covid19.act.gov.au and then search for ‘travel advice’.	Sisikapin ng ACT na bigyan ka ng pinakabagong impormasyon sa paglalakbay sa ibang estado. Ito ay matatagpuan sa www.covid19.act.gov.au at pagkatapos ay i-search ang ‘travel advice’.

We also encourage you to look up the latest information on travel restrictions for the state or territory you are planning to visit and follow those rules. The relevant websites for other states and territories are as follows: NSW - www.nsw.gov.au/covid-19 Victoria - www.dhhs.vic.gov.au/coronavirus Tasmania – www.coronavirus.tas.gov.au South Australia - www.covid-19.sa.gov.au Western Australia - www.wa.gov.au/government/covid-19-coronavirus Northern Territory – www.coronavirus.nt.gov.au Queensland - www.covid19.qld.gov.au These websites might provide translated information or may require you to use Google Translate.	Hinihikayat ka din naming basahin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga paghihigpit sa paglalakbay para sa estado o teritoryong pinaplano mong bisitahin at sundin ang mga patakarang ito. Ang mga kaugnay na website para sa iba pang mga estado at teritoryo ay ang mga sumusunod: NSW - www.nsw.gov.au/covid-19 Victoria - www.dhhs.vic.gov.au/coronavirus Tasmania – www.coronavirus.tas.gov.au South Australia - www.covid-19.sa.gov.au Western Australia - www.wa.gov.au/government/covid-19-coronavirus Northern Territory – www.coronavirus.nt.gov.au Queensland - www.covid19.qld.gov.au Ang mga website na ito ay maaaring magbigay ng isinalin na impormasyon o maaaring kailanganin mong gumamit ng Google Translate.
Returning to the ACT	**Pagbalik sa ACT**
Travelling through other states and territories to get home	Paglalakbay pauwi na daraan sa iba pang mga estado at teritoryo
Depending upon what form of transport you are using, you might have to travel back to Canberra via another state or territory (e.g. if you are driving, you must return through NSW). If you are travelling through a state to territory to get home (including an airport), check what restrictions apply in that state or territory.	Depende sa uri ng transportasyon na iyong gagamitin, maaari kang maglakbay pabalik sa Canberra na daraan sa isa pang estado o teritoryo (hal. kung nagmamaneho ka, kailangan mong dumaan sa NSW upang makabalik). Kung ikaw ay naglalakbay pauwi na daraan sa isang estado patungo sa teritoryo (kabilang ang isang paliparan), alamin kung ano ang mga paghihigpit na ipinapatupad sa estado o teritoryo na iyon.

Border closures	Mga pagsasara ng hangganan (border)
During the response to the COVID-19 pandemic, states and territories have sometimes closed their borders to people who live in other states and territories. In some cases, this has happened very suddenly and has left people stranded and unable to get home. If this happens to you, you need to contact ACT Health via the COVID-19 Helpline on (02) 6207 7244.	Habang tumutugon sa pandemyang COVID-19, kung minsan ay isinasara ng mga estado at teritoryo ang kanilang mga border sa mga taong nakatira sa ibang mga estado at teritoryo. Sa ilang pagkakataon, biglaan itong nangyayari at ang mga tao ay walang magawa at hindi makauwi. Kung mangyayari ito sa iyo, kailangan mong makipag-ugnayan sa ACT Health sa pamamagitan ng COVID-19 Helpline sa (02) 6207 7244.
What will happen when I return to the ACT?	Ano ang mangyayari kapag bumalik ako sa ACT?
Depending upon when and where you have travelled, you might be required to report to ACT Health authorities and to quarantine for 14 days upon your return to the ACT. To find out if this applies to you, please go to the www.covid19.act.gov.au and search for ‘quarantine for people returning from interstate hotspots’ or contact ACT Health via the COVID-19 Helpline on (02) 6207 7244.	Depende kung kailan at kung saan ka naglakbay, maaaring kailanganin mong mag-report sa mga awtoridad ng ACT Health at magkuwarentena ng 14 na araw sa iyong pagbalik sa ACT. Upang malaman kung ito ay angkop sa iyo, mangyaring pumunta www.covid19.act.gov.au at i-search ang quarantine for people returning from interstate hotspots’ o makipag-ugnay sa ACT Health sa pamamagitan ng COVID-19 Helpline sa (02) 6207 7244.

If I have to quarantine, where will this happen?	Kung kailangan kong magkuwarentena, saan ito mangyayari?
If you live in the ACT, you will be encouraged to quarantine at home. To quarantine at home (or other private residence), the home needs to allow for appropriate separation from other household members who are not in quarantine. Household members in quarantine would ideally have a separate bedroom, bathroom and should avoid spending time in communal spaces at the same time as other people in the home who are not in quarantine. **If this can't be done,** you will be required to quarantine in a hotel or other approved venue. ACT Health can assist in providing details of suitable accommodation which you can book (at your own expense). ACT Health will require evidence of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. More information on quarantine is provided at www.covid-19.act.gov.au on the Quarantine page.	Kung nakatira ka sa ACT, hihikayatin kang mag-kuwarentena sa bahay. Para mag-kuwarentena sa bahay (o sa iba pang pribadong paninirahan), kailangan ang bahay ay may angkop na paghihiwalay sa iba pang mga miyembro ng kabahayan na hindi naka-kuwarentena. Ang mga miyembro ng kabahayan na naka-kuwarentena ay pinakamainam na may hiwalay na silid-tulugan, banyo at dapat umiwas sa paggugol ng oras sa mga lugar na para sa lahat na kasabay ang ibang tao sa bahay na hindi naka-kuwarentena. **Kung hindi ito magagawa,** kakailanganin mong mag-kuwarentena sa isang hotel o iba pang inaprubahang lugar. Ang ACT Health ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng mga detalye ng angkop na akomodasyon na maaari mong ipareserba (sa iyong sariling gastos). Ang ACT Health ay mangangailangan ng katibayan ng isang balidong pag-book kung gagamit ka ng akomodasyon ng hotel para sa pag-kuwarentena. May karagdagang impormasyon tungkol sa kuwarentena sa www.covid-19.act.gov.au sa Quarantine page.